



Mga pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula Hunyo 15

BRAMPTON, ON (Hunyo 9, 2020) – Bilang bahagi ng plano ng muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod, magbabago ang serbisyo ng bus tulad ng sumusunod hanggang sa karagdagang abiso simula Lunes, Hunyo 15.

Ang sumusunod na mga ruta ng Brampton Transit ay tatakbo simula Hunyo 15 para matiyak na mahusay na napapagalaw ng ating transit system ang mga tao sa lungsod. Gagawin ang pinakamahusay na pagsisikap para mapanatili ang mga serbisyong ito gamit ang mga serbisyo na meron tayo.

- 501 Züm Queen
- 502 Züm Main
- 511/511A Züm Steeles
- 1/1A Queen
- 2 Main
- 3 McLaughlin
- 4/4A Chinguacousy
- 5/5A Bovaird
- 6 James Potter
- 7/7A Kennedy
- 8 Centre
- 9 Vodden
- 10 South Industrial
- 11/11A Steeles
- 14/14A Torbram
- 15 Bramalea
- 18 Dixie
- 20/20A East Industrial
- 23 Sandalwood
- 26 Mount Pleasant
- 29 Williams Parkway
- 30 Airport Road
- 31 McVean
- 35 Clarkway
- 50 Gore Road
- 51 Hereford
- 52 McMurphy
- 53 Ray Lawson
- 56 Kingknoll
- 57 Charolais
- 60 Mississauga
- 115 Pearson Airport Express



Ang Senior ID at Veteran cards ay hindi iniisyu sa panahon ng COVID-19. Maaaring ipagpatuloy ng mga customer ang kanilang expired na mga card hanggang sa karagdagang abiso.

Bilang paalala, ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal ay sarado. Ang mga oras ng mga gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM.

Bisitahin ang www.bramptontransit.com para sa isang talaan ng mga ruta na kasalukuyang nasa serbisyo at kanilang mga iskedyul.

Mga Pangkaligtasang Pamamaraan sa COVID-19

Ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na ibabaw, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Kasunod ng rekomendasyon ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario na magsuot ng mask sa pampublikong sasakyan, mahigpit na inirerekumenda sa mga rider ng Brampton Transit na magsuot ng hindi medikal na mask sa mga bus at mga terminal sa panahong ito. Ipinag-uutos sa mga rider at mga operator ng Brampton Transit na magsuot ng hindi medikal na mga mask mula Hulyo 2, kapag ibabalik na ang pagbabayad ng pamasaha at pagsakay sa harap. Para sa karagdagang impormasyon, i-click [dito](#).

Hinihikayat ang mga rider na patuloy na isagawa ang paglayo mula sa iba sa mga terminal at mga bus stop, kahit na nakasuot ng mask. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant tulad ng hand sanitizer o wipes, madalas na maghugas ng kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kani-kanilang siko.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib sa panahon ng COVID-19. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca